# Ang Pananampalataya

Noong unang panahon, nang ang kalagayan ng buhay ng tao ay maihahambing pa sa pagbubukang-liwayway, ang katagang "Diyos" ay parang isang dagat na napakahirap tawirin maging sa pinakamatalinong nilikha. Ang tao noon ay walang ibang hinahangad kundi ang mabuhay nang matiwasay. Ang tao sa kanilang pakikipaghamok sa talad lakas ng kalikasan ay nagsilbing daan upang makalimutan nila ang Dakilang Lumikha. Talaga kayang may Diyos na makapangyarihan sa lahat? Ang katanungang ito ay para bagang ipuipo na humihigop sa katauhan ng tao at nag-iwan ng bakas ng agam-agam at alinlangan. Ang katahimikan ng bawa't pagkakahimbing ng tao ay ginagambala ng mga pangarap, pangarap na kung wariin ay walang hantungan sapagka't magbanat man sila ng buto upang makamtan ang kasiyahan ay wala ring kabuluhan ang lahat. Ang tao ay makakatikim lamang ng tamis ng kaligayahan sa piling ng Poong Maykapal.

Ang daloy ng karunungan ng ating mga ninuno ay umunlad nang sinakop tayo ng mga Kastila at noon naibsan ng kaunti ang ating pagkauhaw sa banal na pag-ibig ng ating Diyos. Bininyagan tayo't binigyan ng pangalan kasabay ang halos pagputok ng ating dibdib dahil sa kaligayahang natamasa natin; ang kaligayahang siyang hinahanap-hanap natin sa karimlan ng ating kahapon. Ang pagiging anak natin ng Diyos ang siyang nagsisilbing ilaw ng bawa't nanaisin natin. Hindi kaila sa ating lahat na hinding-hindi natin maiintindihan nang buong-buo ang katauhan ng Diyos sapagka't ang gayon ay mananatiling isang hiwaga. Ang isang libot-isang hiwaga sa mundong ito ay biyaya ng Diyos at maging ang tao man ay isang nakarimarim na makasalanan; maging tayo man ay iwinawaksi na ng madla; niyuyurakan man ang ating dangal at iniismiran man ang ating kahirapan naroon pa rin ang Diyos na laging handa sa pagyakap at pagtanglilik sa mga taong kanyang kabutihan.

Sa kasalukuyan ang bawa't pag-uunlad ng iba't-ibang bansa ay nagkaroon ng balakid sa pagtingin ng tao sa Diyos. Marami nang binhing itinanim na nagbunga sa kaisipan ng ibang tao. Hindi natin naililihim na laganap na ang kasamaan ng tao sa ibabaw ng mundo at ito'y nangngailangan ng isang kalutasan. Ang kasamaan ng isang tao ay parang isang lintang sumisipsip sa dugo ng kapwa. Kung sa unti-unting paglagas ng panahon ay mananatili pa rin ang katigasan ng puso ng tao malamang na darating ang takdang panahon na matatapos nang bigla ang lahat. Hindi natin kailanman matanggihan kung ibaba na ang tabing ng banal na dula na ating itinanghal.

Pag-ibig . . . ito ang salitang tanging kinauuhawan ng Diyos. Kung tayong tao ay nauuhaw sa lahat ng karanyaan ay lalong nauuhaw ang Diyos sa ating pagibig sapagka't tayo'y mga anak Niya. Hindi ba ninyo naisip kung bakit siya'y isinilang? Siya'y naging tao upang Siya'y magiging bahagi ng ating mga pagtitiis at paghihirap at sa gayon ay maipamamalas Niya ang kanyang pag-ibig na walang halong pag-iimbot. Sa darating na pagdaraos ng ikaapat na dantaon ng pagiging Kristiyano ng Pilipinas harinawang ang nadirimlang diwa ng tao at ang kanilang matigas na kalooban ay unti-unting maagnas sa patuloy at walang humpas na pagdaloy ng mga araw at katotohanang ipinupunla ng ating relihiyon.

## HIWAGA NG PAGIBIG

ni Sinforoso E. Buenviaje, A.B.
Commerce IV

**Isang kapangyarihang balot**
**ng isang libo't isang hiwaga**
**ang iniiwasan ko't kinatatakutan**
**pa'g sumasapuso'y dulot ay**
**kapighatian . . . .**

**Bawat nilalang na sa**
**Diyos ay nagmula't biniyaya**
**magsisilbing hain sa**
**kanyang mga kandungan ay**
**kaawa-awa . . . .**

**Hindi tao, hindi hayop**
**ang panawagan ay makapangyarihan**
**naguudyok, nagsasabing**
**puso'y kusang bubuksan sa tamis**
**ng pagsinta . . . .**

**Kaya ako'y umaayaw**
**tumatanggi, natatakot**
**sa muling pagtibok**
**niyaring pusong unsiyami**
**nagmamaka-awa . . . .**

**Ngunit ako'y balot na niya**
**binabalisa, di-pinatutulog**
**sa isang wagas na pagsinta**
**pikit-mata'ng paa-alipin**
**sa ngalan ng pagibig . . . .**